

Pag-unawa sa Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS)

Lat. #5608.08-Tagalog

Kabanata 3: Iyong mga Karapatan sa Ilalim ng Batas na LPS

Sa ilalim ng Batas na Lanterman-Petris-Short (LPS) at iba pang mga batas, kahit pa tumatanggap ka ng paggamot nang hindi boluntaryo, mayroon ka pa ring ilang mga karapatan ng mga pasyente. Halimbawa, inaatas na may karapatan ka sa isinariling paggamot na may pinakamababang paghihigpit sa iyong personal na kalayaan. May karapatan ka na gamitin ang telepono at tumanggap ng mga bisita. WIC § 5325. Mayroon ka rin ng parehong pang-estado at pederal na mga karapatan na ipinagkakaloob sa sinumang iba pang mamamayan habang ikaw ay tumatanggap ng paggamot, kabilang ang karapatan na tumanggap ng medikal na paggamot at ang karapatan na tratuhin nang may dignidad. WIC § 5325.1.

Mayroong dalawang mga uri ng mga karapatan sa LPS: (1) mga karapatang hindi maaaring itanggi; at (2) mga karapatang maaaring itanggi, ngunit kung may “mabuting dahilan” lamang. Kung ang isang karapatan ay itinanggi para sa mabuting dahilan, dapat itanggi ito sa paraang may pinakakamababang paghihigpit hangga’t maaari. Ang iyong mga karapatan, at kung kailan ang mga ito ay maaaring itanggi, ay inilarawan sa ibaba.

Ang mga pasilidad sa kalusugan ng isip ay dapat din na sumunod sa mga probisyon sa mga karapatan ng mga pasyente na matatagpuan sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (WIC, Welfare & Institutions Code) ng California.

Mga Karapatang Hindi Maaaring Itanggi

Isinaad ng WIC § 5325.1 na ang mga “taong may sakit sa isip ay may parehong legal na mga karapatan at responsibilidad na ginarantiya sa lahat ng iba pang mga tao ng Pederal na Konstitusyon at mga batas ng Estado ng California maliban kung espesipikong nilimitahan ng pederal o pang-estadong batas o mga regulasyon.”

Kabilang sa mga karapatang ito ay, ngunit hindi limitado sa:

- Ang karapatan sa mga serbisyong paggamot na nagtataguyod ng potensyal sa tao na mamuhay nang malaya. Ang paggamot ay dapat ibigay sa mga paraan na may pinakamababang paghihigpit ng personal na kalayaan ng indibidwal.
- Ang karapatan sa dignidad, pagkapribado, at makataong pangangalaga.
- Ang karapatan na maging malaya mula sa pinsala, kabilang ang hindi kinakailangan o labis na pisikal na pagpipigil, pagbubukod, medikasyon, abuso, o kapabayaang. Ang medikasyon ay hindi maaaring gamitin bilang parusa, para sa kaginhawaan ng kawani, o bilang kapalit para sa programa sa paggamot, o sa dami na nakasasagabal sa programa sa paggamot.
- Ang karapatan sa agarang medikal na pangangalaga at paggamot.
- Ang karapatan sa relihiyosong kalayaan at kasanayan.
- Ang karapatan na lumahok sa angkop na mga programa sa edukasyon na suportado ng publiko.
- Ang karapatan sa panlipunang pakikipag-ugnayan at paglahok sa mga gawaing pangkomunidad.
- Ang karapatan sa pisikal na ehersisyo at mga pagkakataon sa libangan.
- Ang karapatan na maging malaya mula sa mapanganib na mga pamamaraan.
- Ang karapatan na tumanggi sa psychosurgery (siruhiya sa utak).
- Ang karapatan na kumausap at tumanggap ng serbisyo ng isang tagataguyod ng pasyente na walang direktang klinikal o administratibong tungkulin para sa taong tumatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip.

Ang mga karapatan sa itaas ay mananatili sa tao, hindi apektado ng itinalagang pamamahala, at naaangkop sa parehong boluntaryo at hindi boluntaryong mga pasyente. WIC §§ 5325, 5325.1.

Ayon sa itinalakay nang nakaraan, maaaring tanggihan ang ilang karapatan sa ilalim ng WIC § 5325, ngunit sa tamang dokumentadong pagpapakita lamang ng mabuting dahilan. WIC § 5326. Gayunpaman, **ang mga karapatan sa ilalim ng § 5325.1 ay hindi maaaring bawasan**, at ang mga parusa para sa intensyunal na paglabag kabilang ang sibil na mga multa at pagbawi ng lisensya, pati na rin ang indibidwal na pagkilos laban sa pasilidad para sa mga pagkasira. WIC § 5326.9(d)-(e).

Pagtanggi ng mga Karapatan para sa Mabuting Dahilan

Ang ilang mga karapatan sa ilalim ng batas na LPS ay maaaring itanggi para sa “mabuting dahilan,” na nangangahulugan na hindi maaaring itanggi ng pasilidad sa iyo ang karapatang iyon nang hindi nagpapakita ng hindi bababa sa isa sa iilan lamang na mahigpit na itinukoy na mga eksepsyon. Ang sumusunod ay isang listahan ng mga karapatang maaaring itanggi para sa mabuting dahilan. WIC § 5325.

- Ang karapatan na magsuot ng sariling damit.
- Ang karapatan na panatilihin at gamitin ang sariling personal na mga ari-arian, kabilang ang mga gamit sa banyo, sa lugar na may access ang pasyente.
- Ang karapatan na panatilihin at gamitin ang makatwirang halaga ng sariling pera para sa maliliit na mga pagbili.
- Ang karapatan na magkaroon ng access sa indibidwal na espasyo ng imbakan para sa kaniyang pribadong paggamit.
- Ang karapatan na tumanggap ng mga bisita bawat araw.
- Ang karapatan na magkaroon ng makatwirang access sa mga telepono upang parehong gumawa at tumanggap ng mga kumpidensyal na tawag o upang ipagawa ang mga nasabing tawag para sa kanila.
- Ang karapatan na magkaroon ng nakahandang access sa mga gamit sa pagsusulat ng sulat, kabilang ang mga selyo, at magpadala at tumanggap ng hindi binubuksang sulat.
- Iba pang mga karapatan, ayon sa tinukoy ng regulasyon.

Ang mga karapatang tinukoy sa WIC § 5325 ay hindi maaaring ipaubaya ng magulang, tagapag-alaga, o tagapamahala ng tao.

Bagama't ang pasyente ay may karapatan na tumanggi sa paggamot na pangagatal, ang karapatang ito ay maaaring itanggi sa ilalim ng limitadong mga sitwasyon, ayon sa itinakda sa WIC § 5326.7.

Mga Kinakailangan para sa Pagtanggi sa Mabuting Dahilan

Upang tanggihan ang karapatan para sa mabuting dahilan, ang pasilidad ay dapat maipakita na ito ay may mabuting dahilan upang paniwalaan na:

- Ang paggamit ng karapatan ay nakapipinsala sa pasyente, o;
- Seryosong lalabag sa mga karapatan ng iba, o;
- Ang pasilidad ay dadanas ng malubhang pinsala kung ang karapatan ay hindi itanggi;
- AT walang mas maluwag na paraan ng pagprotekta ng tatlong interes na ito.

Kung itatanggi ng kawani ang isa sa mga karapatang ito, ang dahilan sa pagtanggi ay dapat direktang kaugnay sa ispesipikong karapatan na itinanggi. Ang kawani ay hindi maaaring itanggi ang iyong mga karapatan bilang parusa o gamitin ang iyong mga karapatan bilang mga pribilehiyo para sa mabuting asal. 9 C.C.R. § 865.2.

Ang kawani ng pasilidad ay minsan magkamaling maniwala na maaari nilang itanggi ang isang karapatan bilang kondisyon ng admisyon, bilang bahagi ng plano ng paggamot, o dahil ang pasyente o iba pang taong kumakausap sa ngalan ng pasyente ay sumang-ayon sa pagtanggi. Wala sa mga dahilang ito ang tumugon sa mga pamantayan sa mabuting dahilan. Isinasaad ng pang-estadong batas at mga regulasyon ang sumusunod:

- Ang mga karapatan ay hindi maaaring itanggi bilang kondisyon ng admisyon, bilang bahagi ng plano ng paggamot, o para sa kaginhawaan ng kawani, para sa parusa o maaaring ituring na pribilehiyo na kailangang pagtatrabahuhan. 9 C.C.R. § 865.2(b)(c).
- Hindi maaring kasama sa pamamaraan ng paggamot ang anumang pagtanggi ng mga karapatan. 9 C.C.R. § 865.2(c).
- Hindi maaaring gamitin ang mga pagpapaubaya na pinirmahan ng pasyente, responsableng kamag-anak, tagapag-alaga, o

tagapamahala upang itanggi ang isang karapatan. 9 C.C.R. § 865.2 (c); WIC § 5325.

Pag-abiso at Dokumentasyon ng Pagtanggi ng mga Karapatan

Ang bawat pagtanggi sa mga karapatan ng pasyente para sa mabuting dahilan ay dapat dokumentado sa talaan ng paggamot. WIC § 5326; 9 C.C.R. § 865.3. Ang dokumentasyong ito ay dapat gawin kaagad, at dapat gawin anuman ang bigat o dalas ng pagtanggi. Mayroon ring mga patnubay para sa pagdokumento ng anumang mga karagdagang mga pagtanggi ng mga karapatan habang ang pasyente ay nakabukod o nakapigil. 9 C.C.R. § 865.4(c).

May karapatan ang mga pasyente na mapaliwanagan para sa bawat pagtanggi ng mga karapatan. Nangangahulugan ito na dapat ipaalam sa pasyente sa tuwing ang isang karapatan ay itatanggi at ang dahilan kung bakit itatanggi ang karapatan. Dapat din na ipaalam sa pasyente ang nilalaman ng notasyon sa kanilang talaan ng paggamot. 9 C.C.R., § 865.3.

Ang bawat pagtanggi ng mga karapatan ng pasyente ay dapat itala sa talaan ng paggamot ng pasyente. Dapat gawin kaagad ang dokumentasyon sa tuwing ang karapatan ay itinanggi. Alinsunod sa 9 C.C.R., § 865.3, dapat kasama sa dokumentasyon ang sumusunod:

- Ang petsa at oras na itinanggi ang karapatan;
- Ang espesipikong karapatan na itinanggi;
- Ang mabuting dahilan para sa pagtanggi ng karapatan kabilang ang mas maluwag na mga paraan na isinaalang-alang o sinubukan;
- Petsa ng pagrepaso kung ang pagtanggi ay pinahaba nang mas matagal sa 30 araw;
- Ang pirma ng propesyunal na tao na namumuno ng pasilidad o ang kanilang itinalaga na nag-awtorisa ng pagtanggi ng mga karapatan.

Pagpapanumbalik ng Isang Karapatan

Kapag ang karapatan ay itinanggi, dapat maibalik ito sa lalong madaling panahon na ang mabuting dahilan para sa pagtanggi ay wala na. 9 C.C.R. §§ 865, at mga sumusunod. Dapat subaybayan din ng kawani ang bawat pagtanggi sa iyong talaan ng paggamot. WIC § 5326. Kapag ang isang karapatan ay itinanggi, dapat gamitin ng kawani ang mas maluwag na paraan ng pangangasiwa ng asal na nagsanhi ng pagtanggi.

Nangangahulugan ito na obligado ang pasilidad na patuloy na tasahin kung ang mabuting dahilan ay umiiral o hindi para itanggi ang isang karapatan. Kung, halimbawa, ang pasyente ay tinanggihan ng kaniyang karapatan na magsuot ng sarili niyang damit dahil sa alalahanin sa pinsala sa sarili, dapat bigyan siya ng kawani ng maraming pagkakataon upang ipakita na maaari niyang isuot ang kaniyang damit nang nang walang pinsala sa kaniyang sarili.

Pakikipag-ugnayan sa Isang Tagataguyod ng mga Karapatan ng mga Pasyente

Ang mga pasyente ay may karapatan na kumausap at tumanggap ng mga serbisyo ng tagataguyod ng mga karapatan ng mga pasyente, o PRA (Patients' Rights Advocate) sa maikling salita. WIC § 5325. Makatutulong ang PRA na turuan ka tungkol sa iyong mga karapatan at payuhan ka sa mga opsyon na mayroon ka ukol sa iyong paggamot. Independyenteng nagtatrabaho ang PRA sa anumang pasilidad o klinikal na kawani, at kumakatawan lamang sa mga interes ng mga pasyente.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong mga karapatan o opsyon sa paggamot, maaari kang makipag-ugnayan sa isang PRA para sa tulong. Maaari kang makakuha ng isang PRA sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng PRA sa iyong pasilidad, o sa pamamagitan ng paghiling sa kawani na makipag-ugnayan sa isang PRA. Kapag nagtatrabaho kasama ng isang PRA, may karapatan kang makausap sila nang pribado upang talakayin ang anumang mga isyu na nababahala ka.

Kung hindi makontak ang iyong PRA, maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Karapatan ng Mga Pasyente (Office of Patients' Rights) ng California gamit ang sumusunod na impormasyon ng pakikipag-ugnayan:

California Office of Patients' Rights
1831 K Street
Sacramento, California 95811-4114
Telepono: (916) 504-5810

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga lathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.